

Advisory No. 290, s. 2017
Nobyembre 3, 2017
compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng Araw ni Balagtas at Buwan ng Panitikan ng Filipinas. Bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang pagdaraos ng Pambansang Kampo Balagtas 2018, isang kumperensiya ng mga kabataang manunulat ng tula at sanaysay na gaganapin mula ika-2 ng Abril hanggang ika-4 ng Abril 2018 sa Orion Elementary School, Orion, Bataan. Ito ay alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 964 na may petsang Pebrero 11, 1997.

Nilalayan ng kumperensiya na:

1. Makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
2. Kilalanin ang husay ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
3. Kilalanin ang mga diyaryong pangkampus na nagpapakita ng kahusayan at pagpapahalaga sa paggamit ng wikang Filipino; at
4. Hikayatin ang mga mag-aaral na makibahagi sa patuloy na pagbubuo, pagpapahalaga, pagpapaunlad, at pagpapayaman ng panitikan ng bansa.

Ang mga aktibidad ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. Lektura at palihan sa pagsulat ng tula at sanaysay;
2. Lektura at palihan sa pagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat;
3. Timpalak sa pagsulat ng tula at sanaysay; at
4. Lektura sa pagtuturo ng malikhaing pagsulat.

Ang kumperensiya ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa sekundarya na kasapi at nakapaglathala na sa diyaryong pang-estudyante ng paaralan. Hindi maaaring sumali ang mga kamag-anak ng mga kawani ng KWF at ng mga naging kalahok ng nagdaang Kampo Bakagtas. Ang huling araw ng pagtanggap ng mga aplikasyon ay sa ika-31 ng Disyembre 2017, 5 nh.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pamprivadong paaralan ay dapat naaayon sa no-disruption-of-classes policy na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- G. John Enrico C. Torralba
- G. Roy Rene S. Cagalingan
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
San Miguel, Maynila 1005
Telepono: (02) 736-2519
Email: komisyonsawikangfilipino@gmail.com
kampongbalagtas@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph